Exciting nature

Nature Experience

Kalikasan ng Iida

Ang Iida City ay napapalibutan ng mga bundok na may taas na mahigit 3000 metro, ang Minami Alps at Chuo Alps.
Ang pagbabago ng klima sa Iida ay makikita sa pagbabago ng tanawin sa paligid. Maraming nature sports at activities ang maaaring gawin at subukan sa bawat panahon.

Pamamangka sa Tenryu River “Kawa Kudari”

Ang pamamangka sa Tenryu River ang pinaka-kilala sa lahat ng nature experience sa Iida. Sakay ng tradisyonal na bangka na gawa sa kahoy, inaanod ang bangka pababa sa daloy ng tubig sa ilog. Kinagigiliwan ng lahat ang pagmamasid sa mga magagandang tanawin sa palibot at tilamsik ng tubig sa biglaang pagliko habang dumadaan sa lugar na mabilis ang daloy ng tubig.
Halos popular naman sa mga kabataang turista ang rafting, habang sakay sa isang rubber boat ay nakakatuwang sumagwan habang inaanod ng daloy ng Tenryu River.

Winter o Taglamig

Ang mga kabundukan sa Iida ay natatabunan ng yelo kapag tag-lamig sa mga buwan ng Disyembre hanggang Marso. Nakalilibang ang pag-iiski at snow trekking outdoor activities na ma-eenjoy tuwing taglamig.

Philippines (Tagalog)